1

She couldn't have heard it right. O kung tama man ang kanyang narinig, hindi ibig sabihin ay totoo iyon. Kailangan niyang ikonsidera na under sedation ang kanyang mommy. In fact, sa loob ng maraming araw na lumipas ay paminsan-minsan lang ito nagkakamalay, at ngayon lang nagawang magsalita.

Halos bulong lamang iyon, pero ang mensaheng inihatid niyon ay kay lakas ng dating.

"I'm not your real mother." Iyon ang sinabi nito.

Hinaplos ni Tracy ang buhok ng ina. "Shh, Mommy, hindi n'yo alam ang sinasabi n'yo. You have to rest, mag-uusap tayo kapag malakas ka na."

Sino ba ang niloloko niya? Hindi na lalakas ang kanyang ina. Alam ng lahat na bilang na bilang na ang oras nito. Mula nang madiskubre nila ang Stage 4 brain cancer nito eight months ago, alam nilang hindi na ito magtatagal. Maging ang mommy niya ay tanggap na iyon at laging sinasabing masaya itong aalis dahil alam nitong masaya siya sa buhay niya.

It had always been their dream na maabot ni Tracy ang pinapangarap, ang maging isang batikang

photographer. Though noong una ay hindi masyadong excited si Analiza sa napiling kurso ng anak, hindi na rin ito tumutol nang makita ang kanyang passion sa pinag-aaralan.

Kaya naman along the way ay sinuportahan siya nito. At ngayon ay isa na siyang ganap na photographer at nagsisimula nang makilala ang kanyang mga pinaghihirapan.

She had recently published a book na ang nilalaman ay larawan ng mga ina sa kanilang iba't ibang mga gawain. Nariyang naghehele, nagluluto, nag-oopisina o natutulog sa sofa sa tindi ng pagod. The book received great reviews na sa tulong ng social network ay lalong nakatatanggap ng mga papuri.

She dedicated the book to her mommy.

Her mommy na ngayon ay sinasabing hindi ito ang kanyang tunay na ina. Pilit niyang ipinagwalambahala ang kakaibang damdamin na ngumangatngat sa kanyang dibdib.

"The doctor will be in to see you any minute now," aniya pa sa ina.

"Tracy, please listen to me." Nakikiusap na ang boses nito nang muling bumulong.

But Tracy didn't want to heed her request. Dahil ayaw niyang makinig. She kept on looking at the doorway, hinihintay ang pagpasok ng doctor. Bakit ba kasi ang tagal nito? Maybe he could convince her that what she heard were mere ramblings. Epekto ng mga gamot na pumasok sa katawan ni Analiza.

"Twenty-five years ago, sa isang restaurant sa Alaminos, Pangasinan—"

"Mommy, please stop talking. Mapapagod ka. At hindi ito ang tamang oras para magbiro ka ng tungkol sa ganyang bagay." Nginitian niya ang ina.

Tuluyang napaluha ang nakaratay na si Analiza.

"I took you, Tracy. As simple as that," patuloy na bulong nito sa hirap na boses. "Habang ang lahat ay busy sa paligid, I took you and left the place. Ni hindi ko inisip na mali iyong ginagawa ko. They had two children while I had none. Naisip ko, hindi naman siguro sila masyadong malulungkot… my goodness, Tracy, it was such an evil thing to do. Pero hanggang ngayon ay hindi ko magawang pagsisihan ang ginawa ko—because I have you."

Wala ni isang salita ang lumabas sa bibig ni Tracy. She just stared at her mom. Ngunit ang kanyang dibdib ay parang hinahati sa sakit na nararamdaman.

Hindi epekto ng gamot ang mga katagang lumalabas sa mga labi ng kanyang ina. Analiza was telling her the truth, painful and ugly as it was.

Pumasok ang doktor para asikasuhin ang pasyente.

Tracy never had another opportunity to talk to her mom.

Her mother died that very night.

———————

"Ano po ang nalalaman n'yo tungkol sa katotohanan, Tito Adrian?" Kaharap niya ito sa malawak na library ng bahay nila ng ina.

Katatapos lang ng libing. Mangilan-ngilang kamag-anak ang nasa ibaba at nanatili para damayan sila. Nagawa niyang tawagin ang kapatid ng kanyang mommy patungo sa itaas ng bahay at agad itong kinompontra.

He looked as guilty as hell, na ibig sabihin ay alam nito na hindi siya tunay na anak ni Analiza.

"Not much," mahinang sagot nito. "Twenty-five years ago, umuwi siya galing sa pagbabakasyon sa Pangasinan at dala ka niya. Sabi niya, ibinigay ka daw ng isang kaibigan na hindi kayang palakihin nang

maayos ang napakaraming anak. You were about three years old, and you looked well and healthy. Hindi ako naniwala sa kuwento niya. Pero hindi ko na siya uli tinanong dahil magagalit lamang siya."

Hindi na siya muling nagsalita pa. Tahimik lamang siyang napaluha. Hindi pa rin niya matanggap na ang taong kinilala niyang ina ay ninakaw lang pala siya mula sa kanyang tunay na pamilya.

"Akala ko hinding-hindi na lalabas ang katotohanan. Hindi ko naisip na siya rin mismo ang magsasabi sa iyo."

"Oh, my God!" bulalas niyang nasapo ang mukha. "I need to find them."

"No, Tracy. Just let it be. Please."

Hindi makapaniwalang tumingin siya rito. "Are you serious? Ipagkakait n'yo sa akin ito?"

"I just…" Hindi nito naituloy ang gustong sabihin. Nagkibit-balikat na lang ang lalaki.

Naintindihan ni Tracy. Ayaw nitong makalkal ang tungkol doon. Malaking eskandalo nga naman kapag nagkataon. Kilala ang magkapatid na Picardal sa buong bansa dahil sa galing sa pamamalakad ng negosyo. Si Adrian ay mayroong coffee chain sa

buong Pilipinas at nagbabalak magbukas ng branch sa Macau sa susunod na taon. Si Analiza naman ay pinupuri sa pangangasiwa ng import-export business nito.

Kung nakilala nga naman ni Tracy ang tunay na mga magulang, maaaring hindi manahimik ang mga ito at isawalat ang nangyari.

"I'm sorry, Tito, pero may nanay po ako somewhere, na maaaring hanggang ngayon ay hinahanap pa rin ako. May tatay po ako, at… kapatid na naipagkait sa akin sa loob ng maraming taon. Hindi puwedeng mananahimik na lang ako ngayong alam ko na ang totoo. I have to find them."

"May posibilidad na hindi mo sila mahanap."

She looked straight ahead at nakita ng kaharap ang determinasyon sa kanyang mga mata. "I will." Nakita niya ang desperasyon sa mga mata nito. "Huwag kang mag-alala, Tito, I'll do my best to be discreet. At makilala ko man sila, gagawin ko ang makakaya ko para hindi maeskandalo ang alaala ni Mommy."

"You have responsibilities here. Hindi puwedeng pabayaan ang negosyo ng mommy mo."

"Her assistant, si Tito Jerry, had been attending to

it mula nang magkasakit siya. I'm sure he'd manage."

So, talagang nag-aalala ang kanyang Tito Adrian at pinasundan siya. Dalawang araw mula nang makarating siya rito sa siyudad ay naramdaman na ni Tracy ang sumusunod sa kanya. Maybe she felt it because she was expecting it. Hindi sang-ayon ang tito niya sa pagpunta niya rito pero dahil hindi naman siya nito mapigilan ay gumawa na lang ito ng paraan para masubaybayan ang progreso niya. Agad siguro itong kumuha ng private detective para sundan siya.

Hindi alam ng dalaga kung sino. Kung babae ba o lalaki ang in-assign nito. Ilibot man niya ang paningin ay hindi niya maituro. Pero nararamdaman niya ang mga matang laging nakasunod…

Gusto niyang tawagan ang kanyang tiyuhin at hilinging patigilin na nito kung sino man ang espiyang binayarang magmanman sa mga kilos niya. Pero naisip niyang hindi niya rin naman mapipigilan ang Tito Adrian niya sa gusto nito.

Hindi niya dala ang kanyang kotse dahil naisip niyang baka magkaligaw-ligaw lang siya kapag gamit iyon sa paghahanap. Mas sigurado kung sa mga driver na pamilyar sa lugar siya aasa.

Nakahanap si Tracy ng bakanteng kuwarto sa isang inn sa bayan mismo. Pagka-settle sa kanyang silid, ang unang ginawa niya ay tumunganga sa kawalan. She really didn't know where to start. Ang tanging alam niya lang kasi ay dito siya sa Alaminos kinidnap ng Mommy Analiza niya, pero napakalawak ng Alaminos.

Kaya ang nangyari ay ginugol niya ang nagdaang dalawang araw sa pamamasyal sa siyudad, ini-imagine kung ano ang hitsura niyon mahigit dalawampung taon na ang nakakaraan. Kung saan may magagandang kainan na maaaring nakaakit noon kay Analiza—kagaya ng restaurant kung saan siya nito nakita at kinuha.

Two days at wala pa rin siyang progreso. Hanggang sa maramdaman niya ang mga mata…

Tuloy ngayon, bukod sa desperasyon dahil hindi pa siya nakapagsisimula, nadagdagan pa ng pagkabanas ang nararamdaman niya dahil hindi talaga maganda ang pakiramdam na kumilos habang may nakamasid sa iyo.

She decided to get rid of the 'eye'.

———————

Pumasok si Tracy sa isang RTW store. Nang nasa

loob na ay nakahinga siya nang maluwag. Tiwala na siyang hindi siya sinundan sa loob ng kung sinumang nakabuntot sa kanya. Siguradong maghihintay na lang ito sa labas.

"Bilang na ang mga oras mo," bulong niya, na sa unang pagkakataon mula nang mamatay ang mommy niya ay mukhang ngayon lang makakaramdam ng satisfaction.

Lumabas siya after twenty minutes.

Siyempre, hindi na siya makikilala ng sinumang sumusunod.

Mula sa suot kanina na walking shorts at blouse, napalitan iyon ng loose maong pants at maong jacket. Ang hanggang balikat na buhok ay naitatago ngayon sa pamamagitan ng sombrero. Dark ang shades niya, maging ang kulay ng lipstick.

Nang magsalamin nga siya kanina ay halos hindi niya rin makilala ang sarili.

Isinukbit niya sa likod ang bagong biling backpack kung saan naroon ang mga pinagbihisan. Ngingiti-ngiting naglakad siya. Hindi na niya maramdaman ang mga matang kanina ay sigurado siyang nakasunod sa kanya.

Agad siyang pumara ng tricycle. Kailangan niyang marating agad ang inn at mag-check-out!

———————

Ang *Trio Beach Resort* ang umapela sa kanyang panlasa. May magagandang cottages ito at talagang napakaganda ng beach. Although medyo malayo ito sa sentro ng siyudad, accessible pa rin naman kaya puwede siyang lumabas anytime.

"Sorry na lang, mas magaling ako sa iyo kaya't naisahan kita," aniya na tila kaharap ang taong tinakasan. "Sayang lang ang ibinayad ng tito ko sa iyo."

Bukas, talagang sisimulan na niya ang mga bagay na dapat gawin.

Kinabukasan niya nalaman na nagkamali siya.

Paglabas ni Tracy ng cottage para lumabas ng resort ay naramdaman na naman niya ang discomfort.

May nagmamanman uli sa kanyang mga kilos.

Galit na inilibot niya ang paningin sa paligid ngunit wala siyang ma-pinpoint. Mangilan-ngilan lang ang tao sa paligid pero lahat ay parang walang pakialam sa kanya. Alangan namang isa-isahin niyang titigan ang mga ito, baka siya pa ang magkaroon ng

problema pag nagkataon.

Paano ako nasundan? tanong ni Tracy sa isip.

O baka naman kasi guni-guni ko lang na may nakasunod sa akin?

Pero meron talaga! Napakuyom ang kanyang mga palad. *Ginagalit mo ako!*

2

Bumalik si Tracy sa cottage at nagkulong doon nang buong araw. Madilim na nang lumabas siya, suot ang itim na shorts at pink na tank top. Mula sa kinaroroonan ay naririnig na niya ang malakas na tugtugan sa di kalayuan. Napag-alaman niya nang dumating siya na beinte-cuatro oras ang videoke bar doon. Namutawi ang ngiti sa mga labi ni Tracy. Sa unang pagkakataon ay natuwa pa siya habang iniisip na may nakasunod sa kanya.

Makikilala rin kita, aniya sa sarili, *and I just can't wait…*

Sa entrance pa lang ng bar ay narinig na ng dalaga ang musikang nanggagaling sa loob. Sinalubong siya ng isang waiter at iginiya sa isang bakanteng mesa.

"Beer po, Ma'am?"

"Pineapple juice," aniya. Hindi siya naparito para maglasing.

Nang makaalis ang waiter ay inilibot niya ang paningin sa paligid. Hanggang sa madako ang mga mata sa isang partikular na mesa. Sinuri niya ng tingin ang tatlong kalalakihang naroon. They were in

their late twenties to early thirties, at halatang mga dayo rin gaya niya.

Bang, anang isipan sa mga target. *Haler? Hindi ka ba nagbabasa ng balita? Kadalasang nauuwi sa sakuna ang pagtitiwala sa mga estranghero. Pero mukha naman silang disente at mapagkakatiwalaan…*

Haay naku, tutol ng isang bahagi ng isipan. *Mukhang disente at edukado rin kaya si Ted Bundy*, paalala niya pa.

Hindi ako malalagay sa peligro dahil alam kong may nagbabantay sa akin, kumbinsi pa niya sa sarili.

Napangiti ang dalaga. She started enjoying the music. In fairness, magaling iyong kasalukuyang kumakanta.

"Drinks n'yo po, Ma'am."

Napapitlag pa si Tracy sa gulat nang maramdaman ang presensya ng waiter sa kanyang tabi.

Inalis niya ang mga mata sa kumakantang babae. "Uhm, salamat. Pakibigyan nga ng tig-isang beer ang mga iyon?" Itinuro niya ang tatlong kalalakihan. "Pakisabing galing sa akin." Ibinigay na rin niya ang bayad.

Pagkatalikod ng waiter ay napausal siya ng

panalangin.

She knew the art of flirting, pero sa pagkakataong ito ay hindi maiwasang makaramdam siya ng nerbyos.

Mayamaya, sa isang sulok ng kanyang mga mata ay nakita niyang dinala ng waiter ang iniutos niya sa nasabing mesa. Itinuon niya sa mga ito ang atensyon. Ang tatlong naroon ay halatang nagulat lalo na nang ituro siya ng waiter.

Ngumiti si Tracy, praying it would prove effective. They smiled back.

They're too good-looking, naisip niya na parang gustong umatras. *Oh, what the hell!*

Kung hindi niya ito gagawin, hindi niya malulutas ang kanyang problema sa misteryosong tagasunod. Hawak ang pineapple juice, tumayo siya at tinungo ang mesa ng mga ito.

"Hi," bati niya nang makalapit sa tatlo.

"Hello," halos sabay-sabay na sagot ng mga lalaki.

"Maupo ka," anang isa na itinuro ang bakanteng upuan sa tabi nito.

"Thanks."

"Kilala ka ba namin?" tanong ng isa.

"Hindi."

"Then my name's James. Ito si Wilfred, at si Benjie. Ako lang ang single sa aming tatlo."

Binalot ng tawanan ang mesa nila. Unti-unting napawi ang kabang kanyang nararamdaman at nagsimula siyang mag-relax.

"Tracy." Nakipagkamay siya. "At hindi libre iyang mga inumin n'yo. May pabor sana akong hihilingin."

———————

Napahigpit ang hawak ng lalaki sa bote ng beer habang pinagmamasdan si Tracy. Sa loob ng ilang araw na pagsusubaybay niya, sa wakas nagpakawala rin ang babae.

*Typical rich b*tch.*

At marunong pumili dahil puro guwapo ang nilapitan.

At sino ngayon ang pipiliin mo sa kanila, Prinsesa? tanong ng isipan niya.

Pagkuwa'y sinita ng binata ang sarili.

Bakit ba siya naiinis? At least may progreso na

siya. Ilang araw na rin na blangko siya tungkol sa babaeng ito. Laging maganda ang kilos. Kahapon niya lang naintindihan kung bakit. Dahil naramdaman nito ang pagsunod niya. At sinubukan pa siyang lansiin!

Hah! Akala siguro nito ay nagtagumpay itong iwala siya kaya ngayon ay nagbubunyi at inilalabas na ang tunay na kulay.

Napaismid ang lalaki. *Maganda ka pa naman, sayang lang.*

Nakita niyang tumayo ang grupo. Hinayaan niyang lampasan siya ng mga ito. Nagpalipas siya ng ilang sandali bago nilagok ang inumin, at tumayo na rin.

Walang tao sa dalampasigan maliban sa tatlong kalalakihang iyon na may kasamang babae. Patungo ang mga ito sa isang bahagi na may naglalakihang bato kung saan puwedeng magtago.

One of the men was getting physical, hinihila nito ang braso ng babae habang tumatawa ang dalawang lalaking nakasunod. Moments later, nagpupumiglas na ang babae. Then she was running pabalik sa pinanggalingan nilang bar.

Nagsimulang humabol ang tatlo.

Then they all stopped.

Si Tracy ang unang napatigil.

Paanong hindi, eh, nabundol siya sa isang matigas na bagay. Only to find out na hindi iyon bagay, kundi matigas na dibdib ng isang matangkad na lalaki.

Dahan-dahan niyang iniangat ang paningin at nakita ang isang pares ng mga matang matalim ang tingin sa kanya.

“Okay ka lang?” tanong nito na bahagyang umatras. Dahilan para mawalan siya ng sandalan at muntikang ma-out balance, mabuti na lang at agad nakontrol ang sarili.

“Okay lang,” humihingal na sabi niya.

Ang tatlong humahabol sa kanya ay nagsimulang umatras.

“Pare, alagaan mo kasi iyang girlfriend mo para hindi nagpupunta sa inumang mag-isa,” ani Wilfred.

Halos himatayin sa gulat si Tracy nang biglang bumunot ng baril ang lalaki sa harapan. Hindi naman nito iyon itinutok sa kaninuman, nakaderecho lang sa ibaba.

Pero seryoso ang boses nito nang magsalita.

“Binibigyan ko kayo ng isang minuto para lumayo dito.”

Ayaw lumingon ni Tracy dahil ayaw niyang makita ang reaksyon ng mga ito nang makita ang baril.

“Aalis na po. Pasensya na, Pare. Pasensya na, Miss.”

Pikit na pikit ang mga mata ni Tracy habang hinihintay na makalayo ang mga ito.

“Sigurado ka bang okay ka lang?” ulit na tanong ng lalaking kaharap nang tuluyang mawala ang mga kasama nila roon.

“M-medyo nanginginig lang ang mga tuhod ko. Thanks, ha.”

“Saan ka ba uuwi? Ihahatid na kita.”

Really? anang isipan ni Tracy. *If I know, alam na alam mo kung saan ang cottage ko!*

“Doon lang ang cottage ko. I’d appreciate it kung ihahatid mo ako. I just hope hindi kita naaabala.”

“No problem.” Hinawakan nito ang kanyang siko at walang nagawa ang dalaga kundi maglakad na.

"Salamat talaga, ha. Mabuti na lang nand'on ka."

"Nagkataong napadaan lang ako."

"Ako nga pala si Tracy. Ano'ng pangalan mo?"

"Blake."

Ang sumunod na mga sandali'y binalot ng katahimikan habang naglalakad sila.

Hindi makasiguro si Tracy kung dahil wala siyang maisip na sabihin, o dahil ayaw niyang magsimula—baka hindi siya makapagpigil at dito niya mismo komprontrahin ang lalaking kasama.

Sa wakas ay narating nila ang cottage.

Hinarap ni Tracy ang lalaki. "Ito ang cottage ko. Pasok ka muna," aya niya.

"You know what, hindi ka dapat masyadong nagtitiwala sa mga estranghero. Tingnan mo nga ang muntik nang nangyari," prangkang kastigo sa kanya ni Blake.

"Alam ko." Nagpilit siya ng alanganing ngiti. "Pero alam ko rin na mabuti kang tao. Kaya iniimbitahan kita. The least I could offer you is a drink. Bilang pasasalamat lang."

Napangiti nang sarkastiko ang kaharap ngunit

tumango naman. “Okay, if you insist on being foolishly polite.”

Tinulungan pa siya nito na susian ang pinto, at nang tuluyan na silang makapasok ay isinara ni Tracy ang pinto, hinarap ang lalaki saka namaywang.

Obviously, the man had already decided that she was an innocent fool dahil sa mga pangyayari. Well, he was in for a surprise.

“O, eh, di nagpakita ka rin?” pauyam na sabi niya.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” kunot-noong tanong ni Blake.

Noon lang nakita talaga ni Tracy ang mukha nito dahil sa liwanag ng ilaw sa loob ng cottage. At kung hindi lang siya talagang naiinis, marahil napansin niya agad na magandang lalaki ang kaharap.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” she mimicked. “Ang ibig kong sabihin Mr. Blake Whatever, sinet-up kita! Ang nangyari kanina ay ginawa namin dahil gusto kong makilala ang asong laging nakabuntot sa akin!”

“Hindi kita maintindihan,” sabi pa rin ng lalaki. “At bakit naman kita susundan?”

“Oh, please!” Nasapo ni Tracy ang noo at sumandal sa saradong pinto. “Tama na. Alam kong

nagbayad ng private investigator si Tito Adrian para pasundan ako. Pero ngayong nabisto kita, let's make a deal. Babayaran kita para tigilan ako."

Katahimikan. Komo'y nag-iisip ang lalaki at kinokonsidera ang offer niya.

"Come on, say yes! Dodoblehin ko ang bayad sa iyo ni Tito basta huwag kang mag-report ng kung anu-ano. Manatili ka rito kung gusto mo pero ang sasabihin mo sa kanya ay wala kang progress sa akin. Please naman." Maririnig ang desperasyon sa kanyang boses. "Ayokong sinusundan mo ako lagi."

This time ay saglit na lang ang pag-aalanganin ng lalaki. "Alam mo, Miss Picardal, pinasusundan ka nga sa akin ng tito mo pero hindi ko alam kung ano talaga ang dahilan." Napakunot-noo ito. "Hmm, siguro may boyfriend ka na ayaw niya, ano?" anito sa tonong nang-aasar.

"Hindi rin naman corny ang imagination mo ano?" irap niya rito. "Siguro kasi, ganyan lahat ng klase ng mga iniimbestigahan mo."

"Hindi naman." Pinagtiklop ng lalaki ang mga braso sa dibdib at nginitian siya.

Nagulat si Tracy sa pagngiti nito, kung kanina'y naisip niyang magandang lalaki ang kaharap, aba'y

lalo pala itong gumagandang lalaki kapag ngumiti. Di tuloy maiwasang tingnan niya ito mula ulo hanggang paa.

He was tall,handsome, and neat—

"Kadalasan ay kaso ng mga nambababaeng mister o kaya'y nanlalalaking misis ang iniimbestigahan ko. Corny? I think not. Those are also serious cases. Lives are involved."

"Whatever! Ayokong mapabilang sa mga kaso mo. Kung ayaw mong pumayag na bayaran na lang kita, puwes sasabihin ko kay Tito na pumalpak ka dahil nabisto kita. Naturally, he'll let you go at may papalit sa iyo. Next time, baka makumbinsi ko nang magpakapraktikal iyong kapalit mo."

At parang may natitira pang common sense ang kaharap niya at napag-isip-isip na maaalanganin nga ang sitwasyon nito. "How about we make a compromise?"

"I'm listening." Namaywang uli si Tracy.

"Isasama mo ako sa pang-araw-araw na lakad mo. You know, as a… uhm, friend? In return, ikokonsulta ko sa iyo ang mga report na ibibigay ko sa tito mo."

"At bakit naman gusto mo pa rin akong bantayan?

Why don't you just take the money I'm offering and leave?"

"Kailangan kong masigurong ligtas ka habang narito ka. Masisira ang record ko kapag may nangyaring masama sa iyo at mabistong hindi ko ginampanan ang serbisyo ko."

Sa pagkakataong ito ay si Tracy ang hindi agad nakapagdesisyon. Hindi niya sigurado kung gusto niyang may kasama siya sa mga panahong ito. Isa pa, kung lagi niyang kasama ang lalaki, malalaman nito kung ano talaga ang ginagawa niya rito sa Pangasinan. At hindi pa niya sigurado kung gusto niyang may ibang makaalam sa kuwento ng kanyang buhay.

"Alam mo," ani Blake, "bukas na lang kita kakausapin. At huwag ka na ulit magtangkang mag-disappearing act, lalo lang mapupunta sa wala itong drama mo ngayong gabi. At huwag ka na rin palang magpagod tumakas kung may balak ka. Nasa kabilang cottage lang ako, and I'll keep one eye open for you."

———————

Kung aalis si Tracy ngayon, hindi siya masusundan ng lalaki. Pero tulad nga ng sinabi nito, mawawalan ng saysay ang 'drama' niya ngayong gabi kung

tatakasan niya uli ito. Paano kung magdagdag pa ang tito niya ng PI? Eh, di mas lalaki pa ang problema.

So hindi siya aalis.

At bakit niya gagawin iyon? Maghahating-gabi na kaya. Hindi niya papagurin ang sarili dahil lang sa Blake na iyon. Tutal, malapit naman nang magtagpo ang gusto nilang mangyari, aba'y iyon na lang ang papatulan niya.

Hahayaan niyang manatili ang lalaki rito, as long as hindi siya nito pakikialaman.

Natigilan si Tracy, hindi kaya maaari siyang tulungan nito? Agad din niyang sinaway ang sarili. The reason why she didn't hire a PI in the first place, eh, iniiwasan nga muna niyang may makaalam tungkol sa bagay na gusto niyang tuklasin.

Pero kung talagang wala na siyang choice, she might consider asking for his help. And considering the fact na hanggang ngayon ay hindi pa rin niya alam kung saan magsisimula, baka mamaya lang ay bibigay na siya.

———————

"Good morning," bati ng nakangiting lalaki nang pagbuksan niya ito ng pinto kinabukasan.

Napabuntong-hininga siya at hinayaan itong makapasok. “Ano, napag-isip-isip mo na ba ang offer ko?”

Pinagtiklop ni Tracy ang mga braso sa dibdib. “Okay, I’d rather you’re at my side me kesa nasa likuran ko’t nakabuntot na para akong kriminal.”

“Wise decision.”

Kumunot ang noo ni Tracy sa nakikitang satisfaction sa mukha ng kaharap. Na para bang all along ay confident ito na aayon siya sa gusto nitong mangyari.

“Talagang wise decision,” sarkastiko ang boses na sabi niya, “because I don’t like the thought of you watching me but I like the thought of watching you watching me.”

Ngumiti si Blake.

Damn. Was he aware that his smile had the ability to make a woman’s stomach flutter? Kaya ba ito ngiti nang ngiti?

“Huwag kang masyadong nagpapakasaya,” asar na sabi niya at tinalikuran ito.

“Why not? Sa talagang masaya ako tuwing umaga. Alam mo iyon, kailangan nating maging

grateful sa bawat umaga dahil nabigyan na naman tayo ng tsansa ni Lord." Nakatanggap ito ng irap. "Okay, so, s'an ang lakad natin ngayon?"

Umikot ang eyeballs ng dalaga. "I'm already regretting this."

Tinapik ni Blake ang kanyang balikat. "Relax. Hindi ka magsisisi. You might even like my company."

Nagulat siya sa pagdampi ng mga kamay nito sa kanyang balikat.

Strange. Hindi ganito ang reaksyon ng katawan ni Tracy nang 'iligtas' siya nito the other night.

Maybe because she wasn't aware of him as a man that time, but as a nuisance.

But now she's fully aware of this hot-blooded, attractive man in the room with her. A fact that made her jumpy. "Maligo ka na kaya?" pilit nagpapakakaswal na sabi niya. "Hindi ka pa yata gising, eh!"

Tumatawang umalis ang lalaki.

May restaurant sa gilid ng highway na siyang pinili niyang puntahan.

"Huwag kang mag-alala hindi ako papalibre sa iyo. Kanya-kanyang bayad tayo," anang dalaga nang

mapansing tahimik ang lalaki nang pumasok sila.

"Thank you, ha, napaka-considerate mo sa isang nagtitipid na PI."

Inirapan niya ito dahil sa hindi naman talaga nagpapasalamat ang tono ng lalaki kundi nang-aasar.

"I-charge mo kasi lahat kay Tito Adrian. Mayaman iyon."

"Pero mas mayaman ka na ngayon dahil ikaw ang tagapagmana ng—I'm sorry." Agad tumigil si Blake. Pero bakit hindi sinsero ang dating ng apology nito? "That was uncalled for. And you've just lost your mother."

Sandali niya itong tinitigan. Why didn't he look sorry at all? Para bang nananadya pa.

"It's okay," kibit-balikat na sabi na lang ni Tracy.

Truth was, alam niyang hindi siya karapat-dapat sa yamang naiwan ng mommy niya.

"Pero hindi lang yaman ang ipinamana sa iyo ng mommy mo, malaking responsibilidad din iyon."

"Right. Pero wala akong alam sa negosyo kaya kay Tito Adrian ko na rin ipinauubaya 'yun."

Nakita niya ang di maipaliwanag na ekspresyon

sa mukha ng kaharap. Na para bang nagtataka.

Pagkuwa'y, "Hindi ikaw ang magti-take over?" pasimpleng tanong ni Blake.

"Wala akong passion sa business. Baka magkandalugi-lugi lang iyon pag pinakialaman ko." Natawa siya sa sinabi. Hindi talaga niya maisip ang sarili bilang businesswoman.

Tumango-tango ito. "Hindi ko lang mapigilang lalong ma-curious, Miss Picardal. What are you doing here in Pangasinan? Kalilibing lang ng mommy mo last week."

"Nag-a-unwind," walang buhay ang ngiting sagot niya.

Mukhang napahiya ang lalaki sa pangungulit at na-realize yatang maselan ang bagay na itinatanong nito. Napatitig dito si Tracy, pinag-iisipang mabuti kung magpapatulong ba siya rito. Napabuntong-hininga siya, pagkuwa'y tinitigang mabuti ang kaharap.

"Kailangan ko ang tulong mo."

"Hindi ko pa ba ginagawa iyan? Tinutulungan na kitang gulangan ang tito mo, di ba?" Lumagok ito ng juice mula sa basong hawak.

"Ibang bagay ito. Gusto ko ring kunin ang serbisyo mo bilang PI."

"Hmm, ilang code of ethics na ng mga PI ang binali ko nang dahil sa iyo." Inilapit ni Blake ang mukha sa kanya. "Pero kung extra cash din naman iyan, then why not? Ano'ng meron?"

Napairap si Tracy, "Hindi ka rin naman mukhang pera, ano?"

"I need to eat."

Or maybe he had other mouths to feed. Ewan kung bakit bigla siyang nakaramdam ng panghihinayang nang maisip na baka may asawa't mga anak na ang lalaki.

"Ang tindi yata ng pangangailangan mo. Ilan na ba ang anak mo?" pasimpleng tanong niya.

"Wala."

"Hindi ka magkaanak? Baog ka?"

"Wala akong asawa, wala akong mga anak. Binata ako. Available. Alam kong iyon ang pinupunto mo. Kung may gusto ka kasing malaman, tanungin mo ako nang derecho."

Pinamulahan si Tracy ng mukha pero agad

naka-recover. “Tuli ka na ba?” maging siya ay nagulat sa lumabas sa bibig. But she was so pissed sa kaprangkahan nito sa kanya.

Napahalakhak ang lalaki, at hindi niya napigilang mapatawa na rin.

“Hinahamon mo ako, eh! Sabi mo tanungin kita nang derecho. O, kitam, hindi mo pa sinasagot!” makahulugang sabi niya.

“Hoy! Doktora ang nanay ko, hindi niyang hahayaang lumaki ang anak niyang—” Hindi nito naituloy ang sasabihin dahil muli nang natawa.

They were both smiling nang dumating ang waiter para ibigay ang order nilang pagkain.

“So, you said you need my services. Ano ba ang balak mong ipagawa sa akin?” Pagkuwa’y sumubo ito.

“Kailangan ko ng tulong mo para hanapin ang tunay kong mga magulang.”

Halos mabulunan si Blake sa gulat.

3

"You must be joking," di-makapaniwalang sabi nito nang sa wakas ay magawang magsalita.

"Bakit hindi ka tumatawa?" seryosong sabi ni Tracy.

"Ha-ha," he wryly said.

Napabuntong-hininga siya. Nawalan na siya ng ganang kumain kaya't napatitig na lamang siya sa laman ng kanyang plato.

"I'm not joking. Nalaman ko, on my mother's deathbed, na hindi siya ang tunay kong ina. Kung sineryoso ko lang sana siya that time, alam ko sana kung saan ako magsisimula. But I asked her to stop talking and the next moment she was gone. Wala na akong ibang alam maliban sa dito sa Alaminos niya ako nakuha."

Seryoso na ang lalaki sa pagkakataong ito. Lumagok lang ito ng tubig at ibinaling na sa kanya ang atensyon. "Okay, inampon ka niya dito sa Alaminos?"

"Pumapayag ka bang maging PI kita? Because I'm

only going to tell you the details kung payag ka na. That way, you'll have to keep this thing confidential."

"I'm in."

"Then, kain na tayo at mamaya na natin ito pag-usapan."

"Paano mo nalamang may nakasunod sa iyo?" tanong ni Blake habang naglalakad sila sa tabing-dagat matapos nilang kumain.

Pabalik na sila sa cottage niya kung saan sila mag-uusap.

"I don't know. May kakaibang feeling na para bang laging may nakatingin sa akin. And maybe because I knew Tito Adrian would do something like this kaya inasahan ko na. Hindi ko nga maipaliwanag, eh," napatawang sabi ni Tracy, "sa tuwing lilingon ako, hindi kita ma-pinpoint pero alam kong and'on ka lang." Sandali siyang nag-isip. "O siguro kasi, talagang hindi ka lang magaling kaya ko nararamdaman ang presensya mo."

"Aba't, hoy, ikaw din ang nagsabing kahit anong lingon ang gawin mo, eh, hindi mo ako ma-pinpoint, di ba? Ibig sabihin magaling ako, may

pagkamangkukulam ka lang siguro kaya ang lakas ng sixth sense mo."

"Magaling ka? Kaya ba naisahan kita sa department store? At kagabi, nahulog ka sa bitag ko," paalala niya.

"Well, I commend you for last night. That was really wise. Kung masasamang tao iyong mga sinamahan mo, ikaw mismo ang nagpahamak sa sarili mo. Paano mo ba nakumbinsi ang mga lalaking iyon, ha?"

"Sinabi kong nag-away kami ng asawa ko dahil may nagawa akong kasalanan. Sabi ko, hindi ako pinapansin ng asawa ko—na ikaw pala—pero gusto kong i-test kung mahal *mo* pa rin ako at kung may care *ka* pa rin sa akin. I told them you were watching and I wanted to see what you were going to do. Accommodating naman sila at naawa nga sa akin."

"Really unwise of you," bawi ni Blake.

"Wise," she corrected firmly. "That's what you said, remember?"

"Unwise. I was being sarcastic earlier if you didn't notice. Paano kung hindi ako dumating and they decided they enjoyed what they were doing?"

"Una, alam kong darating ka. Pangalawa, naramdaman kong mababuti silang tao. Pangatlo,may chili spray ako sa bulsa ko. Gusto mong i-try natin sa iyo para makita mo kung gaano siya ka-effective?"

Napaismid ang lalaki na kinuha ang susi mula sa kanya at binuksan ang pinto.

Tipong kaya naman niyang susian ang sariling doorknob pero hinayaan na lamang niya ito.

"Wait here," ani Tracy at pumasok sa kuwarto. Paglabas ay hawak niya ang isang photo album.

"Lahat ng pictures ko with my mom, eh, kuha mga three years old na ako. Wala akong pictures na mas bata pa diyan. When I asked her, sabi niya nasunog daw noon iyong bahay namin. I never asked for details, wala rin naman kasi kaming permanent residence dahil back and forth kami noon mula Pilipinas papunta States, vice versa. At dito sa Pilipinas, madalas palipat-lipat din kami kung saan may negosyo siyang mas nangangailangan ng atensyon doon kami."

She watched him go through the pages of the album at nakipanood na rin siya. She looked beautiful even as a child.

"I only asked her once about my dad at sinabi

niyang huwag na huwag ko na uling itatanong ang tungkol d'un. At dahil mahal ko ang mommy ko, nirespeto ko ang hiling niyang iyon. Pinilit kong maging kuntento sa buhay na tanging siya lang ang naroon. In the first place, ginagawa naman niya ang lahat ng makakaya niya para sa akin." Napabuntong-hininga siya at pumikit na para bang sa pamamagitan niyon ay mapipigilan niya ang sakit na gumagapang sa dibdib.

"So, kilala ng mommy mo ang mga magulang mo?"

"No. From what she told me, nakita niya lang ang mga ito that day."

"And they gave you away?"

"She took me from them."

"What?"

"My mom kidnapped me from my real parents."

Sa pagkakataong iyon, nagawang kontrolin ni Blake ang gulat, pero kunot na kunot ang noo nito.

"That was twenty-five years ago. Akala ko madali lang, eh." Napakagat-labi siya. "Akala ko pupunta lang ako sa lugar na ito at magtatanong kung may alam ba silang kidnapping incident twenty-five years

ago. Pero saan naman ako magsisimula?"

"Uhm, sa local news channel nila dito?" suhestiyon nito.

Napangiti si Tracy nang mapait. "The reason kung bakit ipinapasubaybay ako ng tito ko ay para malaman niya kung gaano na ako kalapit sa katotohanan. Natatakot siyang lumabas ang totoo. Natatakot siya sa eskandalo. At kahit ako, ayoko n'un. So, no, I can't go to the media and ask for help. I won't. Gusto ko munang malaman ang tunay na pagkatao ng mga magulang ko, at bahala na kung ano ang mangyayari after that."

"They might be bad people, iyon ba ang ikinatatakot mo?"

"Natatakot ako na baka hindi sila handa sa biglang pagsulpot ng nawawala nilang anak. Paano kung naka-move on na sila? Na hindi na sila interesado sa akin?"

"Hey." Ginagap ng lalaki ang kanyang palad at naramdaman nito ang panginginig niya. "Walang magulang ang makakalimot sa sariling anak. Don't be so pessimistic. For all you know, hanggang ngayon, nagdarasal pa rin silang mahanap ka. Come on, simulan na natin ito. Ano'ng araw ng birthday mo,

dahil nasisiguro kong iyon ang mismong araw na nakuha ka ng mommy mo."

"January 14."

"Dito ka lang." Tumayo ito.

"S'an ka pupunta?"

"Nasa cottage iyong laptop ko. At may tatawagan lang akong tao."

Napasunod siya rito hanggang sa pintuan.

"Blake!" Lumingon ang lalaki. "S-sa tingin mo, malaki ang pag-asa kong mahanap sila?"

"I'll do my best. At kapag nahanap na natin sila, bibigyan mo ako ng malaking bonus." Sabay kindat.

Pinipilit lang ng lalaking pagaanin ang pakiramdam niya. Kahit paano'y na-appreciate niya naman iyon.

"Nakuha niya ako sa isang restaurant," pahabol na sabi niya na lang.

Papadilim na nang bumalik si Blake para sabihing hinihintay nito ang contact nito. Nang mapansin ang panlulumo niya, he did his best to cheer her up.

"Tell you what, balik tayo sa karaoke bar. Ililibre

kita para naman hindi mo isiping kuripot talaga ako."

He was a bad singer. Iyon ang nalaman ni Tracy nang gabing iyon. Walang-wala sa tono ang pagkanta nito. Ganoon na lamang ang pagtawa niya nang magdesisyon itong awitin ang sikat na kanta ni *P!nk*.

"Right from the start, you were a thief, you stole my heart, and I your willing victim. I let you see the parts of me that weren't all that pretty…"

At dahil naaawa siya sa mga nakikinig sa paligid ay tumatawang hinablot niya ang mic mula sa lalaki na umangal pero walang nagawa.

Pagdating sa chorus, maging ang mga nasa paligid ay tumatawa na rin nang mahanap ni Blake ang isang mic at sinabayan siya.

"Just give me a reason just a little bit's enough, just a second we're not broken just bent, we can learn to love again…"

Paos na silang dalawa nang lumabas sa bar at bumalik sa kani-kanilang cottages.

Kung saan muling hindi makatulog ang dalaga sa kaiisip kung bukas makalawa ba ay mahahanap na niya ang pamilya.

———————

"You mean, you just received a phone call from your contact at magre-relax na lang tayo dahil bahala na ang isang tawag sa telepono na humanap sa mga magulang ko?" puno ng pag-aalangang sabi ni Tracy sa lalaki kinabukasan.

Sinabi ni Blake na tumawag na ang contact nito kagabi at naibigay na rito ang mga detalye. Parang gusto niyang magduda sa kakayahan ng kasama.

Nakasakay sila ng bangka dahil pinilit siya ng lalaking mag-tour sila sa mga isla.

Blake grinned, and Tracy couldn't help but stare at him in awe. He didn't look like a PI, he looked more like a movie star.

"Hindi naman ako magician, Miss Picardal. We have to take things step by step. It will take time para malaman natin ang resulta at saka na natin pag-usapan ang susunod nating hakbang. So ngayon, gusto kong mag-relax ka muna."

"Mag-relax ako? Eh, ikaw yata ang mare-relax dahil ikaw lang naman ang nag-e-enjoy."

"Okay, gusto mo, magkulong ka na lang sa cottage mo? Ano naman ang gagawin mo d'on?"

May punto ito.

"Just keep your cell phone open, baka mamaya may update na," she said hopefully.

"Huwag muna tayong mag-expect ng masyadong mataas, okay?"

"Basta. Just check it every now and then."

———————

Pagod na pagod si Tracy habang pabalik sila ng cottages nila nang bandang dapit-hapon. Lubos sana niyang na-enjoy ang pamamasyal nila kung hindi lang mas pinupuno ng anticipation ang kanyang dibdib. Hindi niya naisip na sa pamamagitan ng paghingi ng tulong ng lalaki ay masisimulan na ang lahat.

Naroon ang excitement sakaling mahanap nga niya ang tunay na pamilya. Ngunit naroon din ang takot sa malaking gulong idudulot niyon hindi lang sa kanya at sa mommy niya kundi sa mga taong nawalan. Maniniwala kaya ang mga ito sa kanya? Tatanggapin kaya siya?

"May kapatid daw ako," anang dalaga habang naglalakad sila. Bigla niyang naalala ang sinabi ng kanyang ina. "'*They had two children while I had none*,' iyon ang sabi ni Mommy. So alam kong may kapatid ako. Ang hindi ko alam ay kung nagkaroon ng iba pa." Nasapo niya ang noo na para bang sa

pamamagitan niyon ay mapipigilan niya ang migraine na nagsisimula na.

“I’m sure kung ilan man sila, matutuwa silang lahat kapag nakilala ka.”

Hindi napigilang mapangiti ni Tracy. “Kasali ba sa training mo kung paano pagaanin ang dibdib ng mga kliyente? Ang galing mo, eh!” Dinuro niya pa ito sa braso.

“Nagsasabi lang ako ng totoo. Sa ganda mong ’yan? Kahit sino’y magmamalaki na kapatid ka nila.”

“Hmm? Maganda ako?”

“Don’t pretend I’m the first one to tell you that.” Tinaasan siya nito ng kilay.

“Of course not.” Lumabi pa siya bago sinulyapan si Blake. “You’re not bad-looking yourself.”

“Good. Then bagay tayo,” walang kagatul-gatol na sabi nito.

Pinamulahan ng mga pisngi ang dalaga. Mabuti na lamang at papadilim na kaya hindi marahil iyon napansin ng lalaki.

“Hindi ba kasali sa code of ethics ninyo ang ‘do not mix business with pleasure’? Ilang beses mo

na 'yung binali kapag may magaganda kang mga kliyente?"

"Gusto mo talagang malaman?" Ibinulsa nito ang mga kamay sa bulsa ng pantalon at tumingala habang naglalakad pa rin sila, tila nagbibilang sa isipan. "Hmm, you know what? Never. I have never mixed business with pleasure before. And I'm not about to start now."

"Good," aniya. Pero, s'an ka, parang kinurot ang pride niya. Because she didn't mind at all if he intended breaking that code right now.

Tracy, is that you? eksaheradang tanong ng isipan. Sa sitwasyon niya ngayon, nagagawa pang maging creative ng utak niya! *Nakakahiya ka,* kastigo ng dalaga sa sarili.

"Kaya nga mamadaliin kong matapos ang kaso mo."

Napalingon siya sa lalaki na nakatingin nang derecho sa cottage sa di-kalayuan.

"Dahil natatakot kang i-break iyong code of ethics mo?"

"Dahil gusto ko nang matapos ang business sa atin at puwede na nating simulan ang pleasure."

Bigla ang panghihina ng mga tuhod ni Tracy, dahilan para halos mabuwal siya kung hindi pa naagapan ng lalaking alalayan siya.

“Careful.”

“Thank you. Let me go.” Agad niyang iwinaksi ang kamay ni Blake na para bang napaso.

“So, you can feel it too?”

“Ang alin?”

“The heat?”

“Wala namang pinagkaiba sa init sa Maynila. Actually, mas okay nga dito kasi presko,” tangkang maang-maangan niya sa ibig nitong sabihin.

Nagpatiuna siya sa paglalakad at narinig na lang ang mga halakhak ng iniwang lalaki.

———————

Tracy took a long shower when she reached her cabin. Na para bang sa pamamagitan niyon ay maiwawaksi niya ang init ng katawang nag-uumapaw dahil sa mga simpleng pangungusap ni Blake.

Damn, one could never accuse her of being promiscuous. Sa apat na naging nobyo niya, kay Red, iyong pinakahuli, lang siya naging intimately

involved. And that's because she believed it was the real thing. Na ang tuloy niyon ay kasalan na. But two months before the wedding, they both realized it wasn't working. They called it off and she had been single for almost a year now.

And it's not my abstinence that's bringing out the heat, anang isipan habang ibinababad niya ang katawan sa shower.

It's that damned man with his seductive look, seductive eyes, and seductive voice…

I'm doomed.

What must he be thinking? That I'm easy to get? Ni hindi ako pumalag habang nilalandi niya ako?

Nasabunutan niya ang buhok ngayong tinitingnan ang sitwasyon sa ibang angulo.

Huh! Akala niya siguro basta na lang ako bibigay.

Puwes, ipapakita niyang nagkamali ito!

She would show him that she was capable of being professional even though she wasn't.

And she was going to clear it up with him once and for all.

———————

"May nabili akong bagong huling isda, gusto mo akong samahang mag-ihaw?"

For a moment ay hindi agad nakapag-react si Tracy nang mapagbuksan ng pinto ang lalaking hayun at hawak sa isang kamay ang isang napakalaking isda na hindi niya alam kung anong klase ba. Pero hindi ang isda ang dahilan kung bakit mistula siyang natulala.

How dare he!

How dare he stand there in his swimming trunks and nothing else! Show off!

"Gabi na, ah, hindi ka ba nilalamig?" supla niya.

"Malakas kaya iyong apoy na sinindihan ko." Ininguso ni Blake ang apoy sa labas ng cottage. "'Lika na, hindi ka nakakain nang maayos kanina n'ung namamasyal tayo."

"Hindi ako gutom. At matutulog na ako."

Napakunot-noo ito. "Ayaw mong lumabas?"

"Matutulog na nga ako."

"Galit ka ba sa akin?"

Nginitian niya ito nang pagkatamis-tamis. "Bakit naman ako magagalit sa iyo?"

"Because of our conversation earlier? Na-offend ba kita?"

"Of course not. Alam ko namang nagbibiro ka lang, eh. But while we're at it, puwede bang mula ngayon ay huwag nang madadako doon ang usapan natin?" She tried to sound as cool as she could.

"Why?"

Pinandilatan niya ang lalaki. "Maybe because if you will not adhere to your codes, then I will. Ngayon lang ako nag-hire ng PI sa tanang buhay ko and I just realized na hindi magandang tingnan iyong nilalandi mo ako."

"Iyon lang ba? Then I'll resign. That way wala nang dahilan para hindi kita dapat landiin."

"You can't resign," agad na sabi ni Tracy.

"Why not?"

"Dahil ikaw lang ang taong pinagkatiwalaan ko tungkol sa bagay na ito kaya kailangang tapusin mo."

"I realized na nakakasagabal ang trabaho ko sa personal na interes ko."

Gusto nang umusok ng ilong niya sa galit pero ipinikit niya ang mga mata at bumilang hanggang

lima. Saka dumilat muli at sinuri ng tingin ang lalaki.

“Mabigat ba ang isdang iyan?”

Napakunot-noo ito kung bakit nabaling sa isda ang usapan. “Yep. Medyo.”

“Good.” Namaywang siya. “Keep on holding it dahil mahaba-haba pa ang usapang ito. Hoy,” aniya, binago na ang puwesto na sadyang pinatatagal ang pagsasalita, “puwede bang ipakita mo naman sa akin ang pagiging professional mo?”

“Sino’ng nagsabing professional ako? You should have realized the first night we met that I don’t really go by any rules or codes.”

“You’re right, I should have. Pero huli na at nakakompromiso na ako kaya puwede ba, kahit ito lang ang panindigan mo nang maayos. Huwag mo akong itulak para gumawa ng aksyon laban sa iyo. You could lose your job because of this.”

“I don’t mind.”

“Pati lisensya mo puwedeng mawala kapag ako ginalit mo talaga.”

“Sino ba’ng nagsabi sa iyong lisensyado ako?” Nangingislap ang mga mata ng lalaki dahil sa pinipigil na pagtawa.

Hopelessly, ibinaba ni Tracy ang mga kamay mula sa pagkakapamaywang.

“Ano ba talaga’ng gusto mo?” talunan at parang batang tanong ni Tracy. Obviously, hindi siya uubra sa kaharap.

“For now? Gusto ko nang ihawin ang isdang ito. Nakakagutom kasing makinig sa iyo. Hintayin kita, ha!” At tumalikod na ang damuho.